PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
February 9, 2021 (12:05 P.M. – 1:17 P.M.)

SEC. ROQUE: Magandang tanghali, Pilipinas.

Mainit pa rin po ang usaping baboy. So ngayong araw usaping baboy at bakuna po tayo.

Patuloy po ang ginagawang hakbang ng ating gobyerno para makatiyak na may sapat na supply ng baboy sa ating mga palengke. Ang makikitang naka-flash sa inyong screen ang whole of nation measures para muling pasiglahin ang industriya ng pagbababoy at mapababa ang presyo ng karne ng baboy.

Pumunta po tayo sa local production na ating unang prayoridad. Kasama sa ating gagawin ang re-population na may nakalaan na 600 million na pondo. Mayroon ding Bantay ASF sa Barangay kung saan kailangan natin ang kooperasyon ng ating mga lokal na pamahalaan, magkakaroon ng rapid test kit at PCR din po ang ating mga baboy.

Sa aspeto ng financing, mayroong nakalaan na labinlimang bilyong piso mula sa Landbank, labindalawang bilyong piso mula sa Development Bank of the Philippines at kalahating bilyon mula po sa Department of Agriculture-Agricultural Credit Policy Council or ACPC. Mayroon din tayong hog insurance na tulong sa local production.

Sa aspeto naman po ng supply, kukuha tayo ng supply mula sa Visayas at Mindanao, at ilang lugar sa Luzon kung saan ASF-free. Sa katunayan po 'no, kakarating lang po sa pier ng Maynila ang hindi bababa sa 360 metric tons na baboy galing po sa General Santos. Kasama po natin mamaya-maya lamang si Secretary William Dar ng Department of Agriculture para bigyan pa tayo ng karagdagang ulat dito sa kakarating lang na baboy galing po sa Mindanao.

Magkakaroon ng designated nautical highway sa hog supply natin, KADIWA ni Ani at Kita at mayroong transportation subsidy tayong ibibigay sa hog raisers. Gaya ng sinabi ko po kahapon, 21 pesos po galing sa Mindanao; 15 pesos galing sa Visayas; at 10 pesos kung galing po iyan sa lugar na walang ASF dito po sa Luzon.

Ipatutupad din natin po ang price ceiling sa ilalim ng Executive Order 124 na napirmahan po ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte. At naaprubahan na rin po ng Gabinete na economic intelligence task force na co-chaired ng Department of Agriculture and Department of Trade and Industry. Ang kanilang misyon: Habulin ang mapagsamantala, hoarders at price manipulators.

Para pag-usapan nga po natin, hindi lang po natin kasama si Secretary Dar, kasama rin po natin si DTI Secretary Ramon Lopez at isang representante po ng pribadong sektor, Samahang Industriya ng Agrikultura Chair Rosendo So.

Now, pero bago po tayo pumunta sa ating diskusyon ay muling humarap po si Presidente Rodrigo Roa Duterte sa taumbayan para sa kaniyang regular Monday Talk to the People Address. Ito ang ilan sa mahahalagang bagay na kaniyang sinabi:

- Sinabi ng Pangulo sa lahat ng government workers na kinakailangang tiyakin ang magiging maayos na delivery ng COVID-19 sa bansa.
- Dagdag pa ng Presidente, hindi kailangang buksan ang Bureau of Customs ang mga containers na naglalaman ng mga bakuna.
- Samantala, ang Philippine National Police ay magbibigay ng escorts para siguraduhin na mabilis ang delivery sa storage facilities ng mga bakuna.
- Kaugnay nito, umapela ang ating Presidente sa Communist Party of the Philippines na payagan ang ligtas na pagbiyahe ng mga bakuna partikular sa mga lugar kung saan may malakas silang impluwensiya.

Pag-usapan natin sandali ang pagbibiyahe ng mga bakuna 'no. Sa ngayon po, nagkakaroon po ng simulation doon po sa airport kasama po ang NTF at ang DOH at mga pribadong airline kung saan sini-simulate na nga po nila ang pagdating ng mga bakuna lalo na ng Pfizer na kinakailangan ng sub-zero temperature.

Mula po sa paliparan, ang mga bakuna ay dadaan sa Customs para sa clearance. Inaasahan na aabot ito ng tatlumpung minuto. Mula Customs ay isasakay o ilu-load ito sa mga sasakyan, tinatayang nasa kinse minutos ang aabutin. Siyempre po, kung Pfizer ito, ang mga sasakyan na ito ay mayroon ding sub-zero facilities. Pagka-load ay ibibiyahe na ang mga bakuna na may kasamang security or traffic escort. May dalawampung minuto ang biyahe bago ito makarating sa warehouse po ng RITM diyan po sa Alabang. Sa RITM warehouse naman ito ibababa, tatanggapin at dadaan sa inspection. Tinatayang dalawang oras aabutin ang prosesong ito. At doon na rin po sa RITM itatago o i-store ang mga bakuna.

Naka-flash naman po sa ating screen ang pagbiyahe ng mga bakuna sa ating health facilities 'no.

Mula RITM warehouse kung saan ilalabas ang mga bakuna sa storage ay ikakarga ito sa mga sasakyan at dadalhin sa mga health facilities na may kasama security escort. Inaasahang na nasa singkuwenta minutos ang biyahe. At sa mga ospital o health facilities ia-unload ang mga bakuna kung saan ito tatanggapin ng mga ospital or health facilities.

Samantala, sa mga ospital na ibibiyahe sa mga probinsiya tulad ng Cebu o Davao - mula RITM warehouse kung saan ilalabas ang mga bakuna sa storage ay ikakarga ito sa mga sasakyan at dadalhin sa mga health facilities na may kasamang security escort papunta ng airport. Mula Mactan, Cebu International Airport o Francisco Bangoy International Airport, ia-unload ang

mga bakuna kung saan ito tatanggapin sa Vicente Sotto Medical Center or sa Southern Philippines Medical Center.

COVID update naman po tayo. Ito ang world rankings by country sang-ayon po sa World Health Organization at Johns Hopkins as of February 9, 2021. Sa total cases, mayroon po tayong 538,995, number 31 po tayo sa buong mundo. Sa active cases, mayroon po tayong 27,992, number 44 po tayo sa buong mundo. Sa COVID cases per one million population, mayroon po tayong 4,887, number 134 po tayo sa mundo. At sa case fatality rate, 2.07 po tayo, number 73 po tayo sa mundo.

Mayroon tayong 27,992 na mga aktibong kaso sang-ayon po sa February 8, 2021 datos ng DOH. Sa mga aktibong mga kaso, 93.9 ay mild at asymptomatic, nasa 2.8% ang kritikal at 2.7 po ang severe. Halos kalahating milyon or 499,772 na po ang kabuuang bilang ng mga gumaling or mayroon po tayong 92.7% recovery rate. Samantalang malungkot naming binabalita na nasa 11,231 na po ang binawian ng buhay dahil sa coronavirus. Nakikiramay po kami sa lahat ng mga naging biktima. Nasa 2.08% po ang ating fatality rate.

Ito naman po ang confirmed COVID-19 cases by adjusted date of onset as of February 8, sang-ayon din po sa datos ngg DOH, makikita ninyo po na bagama't dumami ang kaso itong Enero ay bumaba na po ang pagdami at ito po ay nagpa-plateau na. Makikita ninyo po iyan sa ating screen ngayon.

Ito naman po ang regional health care utilization rate as of February 4 - karamihan ng mga rehiyon ay nagpapakita ng pagbaba sa health care utilization rate. Bumaba po ang ating national rate ng one percent. Lahat ng rehiyon po ngayon ay nasa low risk threshold 'no, bumababa na po. Dati po ang CAR at saka ang Region XI ay halos nasa moderate risk, bumaba na po ngayon 'no. Ang CAR po ngayon ay nasa 50% total bed utilization at ang Region XI po ay nasa 54% utilization rate.

Ito naman po ang TTMF utilization 'no - iyong ating temporary facilities 'no - as of February 7, 2021, malayung-malayo pa po tayo sa moderate occupancy at siyempre po, out of the question iyong high occupancy at critical occupancy. Pero siyempre po, hindi ibig sabihin na magpapabaya; kinakailangan MASK, HUGAS at IWAS pa rin.

Okay, dito po nagtatapos ang ating presentasyon 'no.

Gaya ng aking sinabi, kasama po natin ngayon ang DA Secretary Dar, DTI Secretary Ramon Lopez at SINAG Chair Rosendo So; siguro po sa ating mga kasamang kalihim, simulan po natin kay Secretary Dar ng Department of Agriculture 'no.

Sir, naintindihan naman po natin, walang gusto na masalanta ang ating mga baboy lalung-lalo na dito sa Luzon ng ASF. Pero ang katunayan po, naubos ang baboy sa Luzon na nagdahilan na kulang po talaga ang supply, tumaas ang presyo ng baboy, napilitan tayong mag-impose

ng price controls, nagkaroon po ng pork holiday kung saan nakita natin na maraming hindi nagbenta ng baboy.

Sir, ano pong mga hakbang na ginagawa natin para maibsan iyong kakulangan ng supply? At nag-ikot po kayo ngayong araw kasama si Secretary Lopez, ano pong nakita ninyo? Bumalik na ba ho sa merkado iyong mga magbababoy na tumigil magbenta ng baboy kahapon? The floor is yours, Secretary Dar.

SEC. DAR: Maraming salamat, Spox Harry and the rest of the panel here.

We would like to mention, nasabi na ninyo iyong ASF has really wreaked havoc doon sa hog industry. So, dito sa Metro Manila and areas nearby ay talagang apektado sobra, itong hog industry. So, nagpaparating po tayo galing iba't-ibang probinsiya na surplus sa provinces.

So, mayroon tayong commitment po sa mga iba't-ibang probinsiya. Alam natin dito sa Metro Manila, 4,000 hogs are being slaughtered every day and the commitment that we get from the various provinces ay more than 5,000 hogs ang puwedeng dalhin at dinadala na starting yesterday and even last week.

Now, iyong aming lakad kanina ni Sec. Mon with MMDA chairman si Benhur Abalos ay nakita po namin diyan sa Commonwealth Market na sumusunod at maraming baboy doon. Iyong presyo ay sinusunod, nakapaskil po doon sa merkado na iyong kasim ay 270 at liempo ay 300. At tinanong namin iyong mga nagtitinda, "Ito bang price ceiling ay kaya po ninyo?" Ang sabi po nila, "Yes," basta iyong mga wholesalers sa kanila, iyong mga biyahero – anong tawag po natin doon? – iyong sabit-ulo ay hanggang 235 ay puwede na, iyon ang wholesale price cap na natin para hindi na masyadong mataas iyong ibibigay ng wholesaler or biyahero doon sa meat vendors. So, iyong 235 hangga't doon sa price ceiling ay mayroon na ring sapat na kita ang mga meat vendors. Okay.

We would like also to mention na we are going to give zero interest loan support sa mga meat vendors. So, every meat vendors' association ay magbibigay kami ng limang milyong piso para sa ganoon ay may capitalization sila, kasi karamihan po niyan ay nakadepende iyon, nakautang sila sa mga wholesalers.

Mayroon ding in-announce kanina ni Mayor Belmonte dito sa mga meat vendors niya, i-condone po muna niya iyong fees nila. Hindi ba they're renting iyong mga market vendors, so huwag muna daw singilin sila itong two months.

So, marami pong adjustments ang nagagawa. At gusto ko ring banggitin, Spox Harry, na iyong transport assistance ng DA from Mindanao ay P21.00/kilo at dito po sa Visayas kung galing Visayas—so, let me complete the story para mas maintindihan po lahat.

Iyong farmgate price po ng Mindanao ay nasa 144. So, dinagdagan natin ng P21.00 na transport assistance so ang landed price dito po sa Metro Manila ay 165. Dito rin sa Visayas

kasama na ang Bicol, MIMAROPA, at Region I, ang farmgate price po dito ay averaging 155, so magdagdag po kami ng P15.00 na transport assistance. So, ang landed cost iyong galing Visayas, Bicol, MIMAROPA at Region I dito sa Manila ay P170/kilo.

Now, Central Luzon and CALABARZON, mayroon pa naman tayong namo-mobilize po na karne ng baboy at ang presyuhan/farmgate price dito ay 170 at iyang transport assistance ng DA ay P10.00, so ang landed price iyong galing CALABARZON and Central Luzon ay P180/kilo.

So, ito po, pumunta rin kami with Sec. Mon and chairman Abalos doon sa Hypermart sa Shaw at napag-alaman namin that they are selling below the price cap – 265 iyong kasim, 295 iyong liempo.

At ito po ang magandang balita, Spox Harry, itong partner ng SM Hypermart – Northstar with Hypermart SM – ay bringing their trading and marketing arm, to buy all the pigs that come from the provinces at sila na magpa-slaughter at ibenta po sa mga Hypermart, Walmart dito sa Metro Manila or other parts of the country lower than the price ceiling. Magandang balita po iyon.

SEC. ROQUE: Okay. Maraming salamat, Secretary Dar. Pumunta naman tayo kay Secretary Lopez. Sir, nagkaroon po tayo ng price cap, ano ba ho ang pagkakaiba ng price cap doon sa suggested retail price at ano po ang consequences kung hindi susunod sa price cap at sa SRP? At noong huling Cabinet meeting po natin, you manifested po na iyong mga sa supermarket kapag imported ang baboy magkakaroon ng labeling at mapapatupad din ang price cap sa mga imported na baboy. Natupad na ba ho ito? The floor is yours, Secretary Lopez.

SEC. LOPEZ: Okay. Thank you, Spox Harry, at magandang tanghali sa lahat po ng nasa panel ngayon.

Una, iyong difference ng ating SRP at price cap. Halos pareho po iyan, pagdating ho sa manufactured products nagwo-work po ang SRP (suggested retail price) only because ang atin pong mga groceries and supermarkets talagang sinusunod po nila iyong SRP na itinakda ng mga companies, mga manufacturers kasi ito namang mga manufacturers ay nagki-clear din sa DTI kung ito po ba ang tamang SRP.

Lalo na, remember, ang atin pong SRP naka-specify dito sa mga basic necessities/prime commodities. So, itong mga produkto na ito every time nagpapalit or madalas nga hindi nga nagpapalit ng SRP ang mga kumpanya, kini-clear pa sa DTI. So, si DTI in effect ang representative ng consumer at DTI po ang in effect nagni-negotiate pababa.

Kunwari, gusto niyang i-increase, sasabihin natin base sa mga costing ito lang dapat ang presyo ninyo, so in effect nagsi-set po ng SRP sila na cleared with the DTI at iyon po ang sasabihin sa groceries/supermarkets at iyon po ang nasusunod. Kaya masasabi natin kapag SRP system, nasusunod po sa grocery/supermarket for manufactured products na under sa DTI.

Ngayon po, pagdating po sa agriculture products under DA at ito po karamihan ay nasa palengke, ang SRP po mahirap po masunod dahil po nagpa-fluctuate ho ang supply and demand lalo na ang supply pagdating ho sa palengke. Kaya ho minarapat po ng DA, nag-recommend po sila kapag agri products mag-price ceiling na tayo sa bisa po ng Executive Order, ng EO, kaya po nag-set po ng price ceiling for 60 days. Ito po ang nakikitang effective na paraan.

Pero para maging effective po iyan, kailangan po realistic iyong presyo na itatakda at kapag realistic po, masusunod kaya po kasama ho iyan sa computation po na ginawa po ng DA at nakikita po natin ngayon, tulad ng pinuntahan ho namin kanina sa Commonwealth, na as long as iyong wholesaler, iyong magpapasok ng mga karneng baboy sa palengke ay maipapasa ng 235, kaya po nilang sumunod sa 270 na price ceiling. So, iyon po iyong importante po doon.

Pangalawa po, pagdating ho sa groceries, doon sa katanungan ninyong groceries and supermarkets, unang-una, sumusunod din po sila sa SRP. Naipakita po kanina na iyong sistema po nila – dahil ang maganda sa grocery/supermarket – normally ho, mas less po ang trader in-between. Kaya ho halos – hindi naman diretsong-diretso – from producer, mayroon lamang isang magko-consolidate at diretso na sa supermarkets and groceries kaya puwede hong sabihin na kaya ho talagang ma-meet ng mga grocery/supermarket iyong price ceiling na itinakda.

Now, knowing also na ang imported, kapag nag-import po ng karneng baboy, ang landed cost po ay mas mababa kaysa dito sa farmgate price. Iyon po ang sinadyest [suggested] natin na magkaroon din ng mas mababa pang SRP or price ceiling kapag imported iyong baboy na ibibenta sa groceries and supermarkets. Iyon po ngayon ng kino-compute ng DA, DTI, para ho at least importante ho ang mga kababayan natin, mamimili, may option. Kung gusto nilang mas mura, punta sila sa grocery/supermarket sigurado may SRP at kapag may imported, siguradong ili-label po iyon. Iyon po ang magiging requirement natin at ipipresyo nang mas mababa kaysa sa SRP.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Secretary Lopez. Kasama rin po natin ang representante ng mga magbababoy para lang po mayroon tayong disclosure. Dati-rati po magbababoy din ako, pero dahil po sa ASF, tinigil ko na po iyong libangan na iyan. So, hindi na po tayo magbababoy.

Pero kasama po natin si Rosendo So, siya po ang chairman ng isang grupo ng mga magbababoy. Sir, dahil kulang nga po ang supply at alam naman natin, naubos ang ating mga baboy, pareho tayong nasalanta nitong ASF sa mga baboy 'no. Tutol ba kayo sa pag-aangkat galing sa ibang bansa at kung oo at hindi, bakit at kung hindi kayo tututol dahil wala talagang supply, ano po ang nais ninyong makitang hakbang na gagawin ng gobyerno?

ROSENDO SO: Secretary Harry Roque, of course, Secretary Mon Lopez and Secretary William Dar, magandang umaga po. Puwede ko bang i-present iyong slides ko, Secretary?

SEC. ROQUE: Sige po, go ahead po.

ROSENDO SO: Iyong nakita natin 'no from the start ang hog raiser and poultry grower full support the plan of the government to lower the retail price and for the past month—six months ago, sinabi na namin kay Secretary William Dar na iyong stock dito sa Luzon, ubos na and we have to get from Visayas and Mindanao and kailangan natin iyong right support para at least bumaba iyong presyo doon sa Metro Manila. And so far, ang price dito sa Luzon is—Batangas is running around P200 to P220. Laguna is P200 to P220. Quezon around 220 rin. Ang Pangasinan is around P230 ang presyo.

Iyong GenSan ang running price doon is P180, humingi si Secretary ng ayuda sa kanila, ibinaba ng P170. Iyong sa South Cotabato, noong pumunta si Secretary ang presyo doon is P165. Ang nangyari doon, may text sila eh, kinumpirma na iyong presyo is P165, humingi ng subsidy na 21 pesos, kaya lumabas iyong P144.

So, ibig sabihin, hindi iyong presyo is P144, paki-correct na lang. Very clear iyan. And iyong commitment na 10,000 heads ang sinasabi ng SOCOSPA, is they produced they produced 10,000 heads a week, iyong isang buwan, nakaka-40.000 heads sila. Pero hindi ibig sabihin, iyong 40,000 heads dadalhin dito sa Luzon, kung ano ang surplus, iyon ang dadalhin dito sa Luzon. Para very clear lang iyong statement. Kasi iyong mga media, tinatanong sa amin, bakit may P144 na presyo, kaya gusto nilang i-clarify, P165 ang retail, support P21, kaya naging P144.

Iyong sa price ceiling naman doon sa BOC, kung titingnan natin, 'no. I think si Secretary Mon Lopez, may record din ang BOC. Kasi maraming nagsasabi sa tariff hearing, pinakita namin iyan, walang—hindi nag-comment ang importer. So iyon ang dineclare nila sa BOC kung ano ang puhunan nila. So, ang nakita natin na puhunan, nasa P114 to P117, kinuha na natin iyong pinakamataas iyong nagbayad ng 40 tariff.

So, P117.87, plus P10 na delivery to cold storage, plus P15 na cost ng storage fee per kilo, plus P10 na delivery to retailer, ang importer with 40% tariff can sell P152, iyan ang sinasabi natin, .87, based on their submission sa Custom, iyong taripa nakolekta ng 40%.

So iyong niri-request nila to lower the tariff ng DA, walang basehan iyon, iyon ang sinasabi namin. Very clear na kitang-kita na malaking kita na ng mga importer and noong before itong price ceiling, ang presyo sa grocery and supermarket, nasa P350 to P400 ang frozen meat. Ngayon, siguro bumaba sila, dahil may executive order si Presidente para bumaba and we welcome this, para at least iyong mga consumer kung bibili sa supermarket, eh mababa. Alam naman natin mas mababa na iyong puhunan ng mga importer.

SEC. ROQUE: Okay. So thank you very much, Chairman So. So sa madaling salita on the part of the private sector naiintindihan ninyo na baka kinakailangan mag-angkat, ang tutol kayo ay iyong pagbaba ng taripa from 40%. Tama ba ho iyon?

ROSENDO SO: Yes, oo, kasi kaya naman nila. And sa Tariff Commission hearing, [garbled] iyong presyo, walang complain din iyong importer na mali iyong presyo. Nandiyan din iyong DTI, nandoon iyong DoF, nandoon iyong DA and I think wala silang prinisenta, mismo ang DA noong nag-petition doon sa Tariff Commission, wala silang prinesent na anumang presyo ng import price. So, ito Custom price iyan, dapat sundan natin.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Chairman So, pumunta na po tayo sa ating open forum. Simulan po nation with Usec. Rocky. Go ahead, please.

USEC. IGNACIO: Opo. Good afternoon, Secretary Roque, Secretary Lopez, Secretary Dar and Sir Rosendo So.

From Maricel Halili of TV-5, question for Spox: Can you confirm a post from Dive Guru Boracay that you were on Bora over the weekend? Did this happen before or after you were exposed to your staff?

SEC. ROQUE: Maraming salamat 'no, Maricel, kasi maraming malisyoso na sinasabi na nagpunta raw ako doon maski alam kong na-expose. Hindi po totoo iyan, kalokohan po iyan. Ako po'y nasa Iloilo at Boracay noong Friday at Saturday. Umuwi po ako ng Sunday, dumiretso po ako sa airport diagnostic center para mag-PCR dahil nga po a-attend sana tayo ng meeting na kasama si Presidente kahapon 'no. At nakaugalian ko na po, lahat ng kasama kong staff pinapa-test ko na rin po. Doon po lumabas na ako'y negative at iyong staff ko ay positive.

In other words, from the airport from the Visayas, diretso sa PCR testing at doon po lumabas na positibo iyong staff ko. Kaya iyong trip po to Visayas, hindi po, wala pa akong exposure doon at hindi ko po kasama sa Visayas iyong staff ko na nag-positive.

So iyong mga malisyoso itigil ninyo na po, kung gusto ninyo po nasa akin iyong resulta ng PCR test, ng sa akin at doon sa aking staff.

USEC. IGNACIO: Okay. Thank you, Secretary. Ang susunod po si Melo Acuña ng Asia Pacific Daily. Happy birthday po, Sir Melo!

SEC. ROQUE: Ay naku, Happy Birthday Melo ha! So 'aantayin ko mamaya iyong aking hapunan *[laughs]*.

MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC: Sa Thursday na siguro. Anyway, I just have some questions for the good Secretary Willie Dar.

Mr. Secretary with your indulgence, I'm interested to find out if you noticed an increase in the demand for pork meat over the years and how would it compare with our production? Because if there is much demand and least production, then it will appear that the only alternative is importation. Am I right, Mr. Secretary?

DA SEC. DAR: Spox Harry and Melo, itong projected pork supply situation for 2021. Ang supply lang dito po sa bansa to include iyong production natin plus beginning stock ay 1.229. Some sectors would give us 1.3, iyon ang supply. Ang demand po ay 1.6 plus million metric tons. So may potential deficit ka na almost 400,000 metric tons. So iyon po, mayroon tayo talagang kakulangan within the year so kailangan po ito ay supply augmentation ang tawag.

MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC: And given such a situation, Mr. Secretary, who will be authorized to import? Is it the traders or is it the meat processors themselves?

DA SEC. DAR: Mayroon option po ngayon na dini-discuss dito sa—kahapon inendorso na po, Sec. Harry and Melo, ng MAV Advisory Council iyong pag-angkat or pag-increase ng MAV volume to that level I have mentioned.

So may mga rekomendasyon kahapon na hindi lang po iyong mga traders ang mabigyan na tiyansa na aangkat, itong panahon na ito which is very short term within the year ay bigyan din ng panahon na mag-angkat iyong may gusto na hog raisers.

MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC: Oho. Papaano po iyong meat processor?

DA SEC. DAR: Iyong meat processor ay mayroon isang window that they are only importing iyong para sa processing industry.

MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC: Okay. Gaano po kahigpit ang inyong standards upang maiwasan ang potential for graft and corrupt practices?
DA SEC. DAR: Well, tayo, doon tayo—talagang we are governed by good governance - 'no to corruption, walang suhol sa mga traders na naglalako.' So we would like to believe na ganoon na… we would like to believe na maganda sana iyong lahat po na dinidisenyo natin na programa.

MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC: Opo. Maraming salamat po.

For Secretary Lopez, isang tanong lang po. Pupuwede po bang magkaroon lamang ng isang monitoring team to monitor the prices in our markets, iyong mga palengke dahilan sa nahahati po eh, kung supermarket sa DTI pero 'pag agriculture products, sa Department of Agriculture? Can you come up with a mechanism that your personnel and that of the Agriculture Department can work together with the LGU?

DTI SEC. LOPEZ: Actually po because of the Local Price Coordinating Council, kami po talaga may working arrangement with the DA—DTI, DA and the LGU. Iyon nga po 'yung kaninang pinalakas natin na arrangement dahil kasama pa natin mismo si Chairman Benhur Abalos at iyong dalawa pong mayor noong nasa Quezon City, kay Mayor Joy at noong nandito tayo sa Mandaluyong right after, si Mayor Benjie Abalos.

So there is already that mechanism. What is happening also is aside from that Local Price Coordinating Council, DTI team lumalabas din on their own kasi they monitor naman outside the palengke, iyong sa mga grocery/supermarket at minsan dinadanaan din ang mga wet market. Pero ho alam natin na ito po under DA kaya si DA also has a team so ito ho mga additional na lang ito.

But whenever we go to the palengke, kailangan po may kasama kaming DA dahil po hindi rin kami puwedeng mag-issue ng mga notice of violation or letter inquiry – si DA po ang may authority diyan kaya po kailangan kasama namin si DA. Kaya po talagang iyong coordination namin magkadikit po talaga at ngayon LPCC dahil po mas madiin ang problema natin na hinaharap ngayon.

MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC: Maraming salamat po. Thank you, Secretary Harry. See you on Thursday.

SEC. ROQUE: Okay. Maraming salamat, Melo. We go to Usec. Rocky again.

USEC. IGNACIO: Yes. Secretary, question from Jam Punzalan of ABS-CBN Online: In November 2020, you urged daw po the Health Department to fast track of the release of the hazard pay for medical workers. But last week, health workers from three government hospitals protested the delay of their allowances. How soon can they get their pay? Will the Palace be issuing any rebuke for officials behind the delays?

SEC. ROQUE: Let me validate po muna itong impormasyon na ito dahil kung naalala ninyo 'no si Presidente mismo ang nagalit noong nalaman niya na hindi nari-release itong mga bayad ng ating medical frontliners. Kampante naman po ako na dahil—na minsang naboldyak na ng Presidente iyong dapat boldyakin sa pag-delay ng release ng ganitong benepisyo sa medical frontliners ay mayroon sigurong very valid reason kung totoo 'no. But let me validate, Jam, first 'no. Right after this program, I'll get in touch with the DOH finance people.

USEC. IGNACIO: Okay. Thank you, Secretary. Ang next po ay si Joseph Morong ng GMA News.

SEC. ROQUE: Go ahead, Joseph.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, iyon munang sa Boracay mo. So iyong staff mo, sir, na nag-positive, you met him or her sa airport na? So, saan siya na-expose?

SEC. ROQUE: Hindi ko po alam kasi hindi kami magkasama eh. I left Manila Friday and he picked me up from the airport Sunday.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sunday. So hindi mo alam kung saan siya na-expose, sir 'no?

SEC. ROQUE: Oo.

JOSEPH MORONG/GMA7: Okay. Pero, sir, iyon bang pag-ikot-ikot mo na iyon, hindi ba siya, sir, parang flaunting the IATF rules na about social distancing, about being careful with exposing other people to the virus?

SEC. ROQUE: Hindi po because I'm always a 100% compliance with all the rules. Nagkaroon po ako ng pagpupulong in Iloilo and it was a side trip. Dahil ang sinasabi ko sa inyo, I always have a reason to go out but I always take advantage po of where I am. But I never violate the rules. So sa mga kritiko ko po, pasensiya na po… lawyer/law professor, I'm 100% compliant with the rules.

JOSEPH MORONG/GMA7: Anyway, sir, iyon po munang sa vaccination 'no. Now, I think the challenge of other countries and including the Philippines, because of the new COVID variant, parang we need to vaccinate as fast as we can habang hindi pa kumakalat iyong UK variant. Now first question, sir, have we established whether iyong UK variant is already spreading in the Philippines?

SEC. ROQUE: Ang latest information na nakuha po natin, has been made public by the DOH, 22 of the 25 of the new variants in Northern Luzon ay gumaling na po. So mukhang naging very effective naman po ang ating contact tracing, na-isolate natin lahat ang dapat i-isolate and hopefully dahil bago pa po itong new variant, eh naaagapan naman po natin, hopefully po. But that is why, pinondohan na nga po natin iyong operasyon ng Genome Research Center na pinatatakbo ng gobyerno at ng UP para masubaybayan natin iyong pagkalat ng mga new variants.

JOSEPH MORONG/GMA7: Okay, so you are saying, sir, na at least medyo contained iyong spread ng UK variant to probably just Bontoc. Pero may Cebu case 'di ba, sir?

SEC. ROQUE: Hindi pa po confirmed iyan. Ang nakumpirma lang is mayroong taga-Cebu pero hindi po confirmed na nasa Cebu.

JOSEPH MORONG/GMA7: So, sir, iyon pong mga vaccines that we are procuring, at least the ones na nakabala na, iyong AstraZeneca and Pfizer, wala pa rin ba tayo, sir, una muna update, kasi parang practice-practice tayo ng simulation, pero parang kailan ba dadating talaga iyan?

SEC. ROQUE: It's really a COVAX decision. Before we went on the air, as I told you, mayroon po tayong tinawagan at tama po iyong suspetsa ko ano, pero sila po mismo were not informed pa by COVAX when it will be shipped. Pero malalaman naman po natin iyan as soon it is shipped because obviously kinakailangan sunduin iyong shipment dito sa Pilipinas. It will be sent by plane.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, iyon pong herd Immunity natin, with our national vaccination plan, when is our target to achieve iyong herd immunity?

SEC. ROQUE: You know, napakahirap na sumagot ako dahil hindi ako doktor. Pero ang alam ko po diyan ay tinitingnan nila na ang validation ng herd immunity is a year, if I am not mistaken, after the vaccination, that is when we confirmed. Pero siyempre if that is the confirmation, we are still aiming for the herd immunity as soon as possible. At tayo nga po, we are aiming for even better, kasi herd immunity is 70%, pero tayo we are aiming to vaccinate 100% of the adult population.

JOSEPH MORONG/GMA7: 2021, right?

SEC. ROQUE: Within 2021.

JOSEPH MORONG/GMA7: Okay, sir, can I go to Secretary Mon, please?

SEC. ROQUE: Yes, please.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, iyong question ko po related doon sa earlier question ko kay Secretary Roque. How much of an effect will our national vaccination plan have in terms of relaxing our community quarantine?

SEC. LOPEZ: Definitely it will have a positive effect. It will definitely regain much of iyong lost consumer confidence at kasunod na doon iyong business confidence, at siguro magiging kampante ang mga tao rin na lumabas. At kapag lumalabas sila, lalakas lalo ang business confidence. But even without the vaccine, we have been proposing also even earlier 'di ba, na kung bumababa naman tuluy-tuloy ang cases ay puwede rin naman natin talagang i-consider iyong tuluy-tuloy, gradual, calibrated at safe na pagluluwag or reopening.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, given that, February tayo magba-vaccinate, pero iyong mga cases that you mentioned, at least sa NCR, medyo stable and even OCTA is saying stable naman ang NCR. So, when do you see definitely iyong magri-relax tayo sa NCR, to least MGCQ?

SEC. LOPEZ: Kasi kung kami ang tatanungin sa economic team, talaga namang kino-consider talaga natin na basta na ma-establish lang ang numero, we will really make the proposal to deescalate, to relax – it's about time, matagal na rin tayo naman. Siguro by this time, ang karamihan talaga, halos lahat ng ating mga kababayan ay sumusunod na, sanay na dito sa health protocol natin. Kaya nga nakita natin na kahit na very open, bumababa iyong cases dahil nga actually sa pagsunod iyon ng ating mga kababayan sa health protocol.

So we will continue with that strict implementation ng health protocol at saka iyong mga granular lockdown where necessary. Pero iyong pagpapaluwag, I think it's something we can really consider even next month kung kakayaning magtuluy-tuloy itong pagbaba. Remember. kaya lang po tayo nag-pause sandali dahil nga dito sa new variant na pumasok.
At sabi na rin ng ating Pangulo, obserbahan muna at baka maging ito ang sanhi ng pagkalat. Subalit kung nakikita natin na ang trending ay stable naman, I think lalakas ang loob natin, may basehan tayo na ituloy uli iyong mga dahan-dahan naman na pagluluwag. Para talagang

babagsak na iyong ating ekonomiya kasi, kaya kailangan talagang makabawi-bawi naman tayo.

SEC. ROQUE: If you don't mind, dadagdagan ko lang, susususgan ko iyan ano. Alam ninyo, noong minsan ay nagkaroon ang unscheduled meeting nga po si Presidente with Secretary Dominguez, it was on a Sunday 'mo. And the President really met with Secretary Dominguez to talk about the economy. So, talagang nababahala na rin po ang ating Presidente na kinakailangang makabangon na tayo sa lalong mabilis na panahon dahil malinaw naman po na baka mas maraming nagugutom na ngayon at mamamatay sa gutom kaysa sa COVID. Kaya nga po ang panawagan mismo ni Presidente, ang Presidente na po iyan, siya na po ang mismong nagsabi: Mask, Hugas, Iwas; ingat-buhay para sa kabuhayan dahil talagang importante po na masagip na natin ang mas maraming numero ng ating kababayan sa pagkagutom na nagiging epekto ng matagal na lockdown. Kaya po natin iyan, ingat-buhay para sa hanapbuhay.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, kaunti lang kay Secretary Lopez. Sir, you mentioned kanina, I'll pick up on your point, you said "babagsak na ang ekonomiya natin," what do you mean by that? And how much longer can we stay in GCQ before we can say there's really no turning back?

SEC. LOPEZ: Hindi, ibig sabihin, Joseph, hindi babagsak kung hindi nanatiling hindi makabalik kaagad sa pre-COVID levels. Kasi nakikita naman natin the signs of recovery, so hindi siya pabagsak kung hindi nag-i-improve dahan-dahan pero malayo pa tayo doon sa pre-COVID. Look at unemployment, dati nasa 4.5 tayo, lumala sa 16.5, tapos bumalik na sa 10, bumalik sa 8.7, pero malayo pa siya sa 5% or 4.5%. So, iyon iyong sinasabi natin na ituloy pa natin iyong gradual reopening para lahat mas maraming may trabaho. Kaya ang tingin natin very calibrated tayo and our health statistics, iyong COVID cases, which show naman na talagang maganda iyong sitwasyon natin relative to other countries na mas malalaki sa atin.

JOSEPH MORONG/GMA7: How much longer can we hang on?

SEC. LOPEZ: Tayo, as soon as possible sana unti-unti pa ring luwagan itong mga pinag-uusapan natin na either sa community quarantine or maybe in the future ma-consider na rin ng ating Pangulo iyong pati sa age restriction na pinatigil muna niya kasi nga because of the new variant. Oras na ma-establish lang natin iyang being able to manage the new variant, I'm positive na papayagan din tayo ng ating Pangulo.

JOSEPH MORONG/GMA7: All right. Thank you for your time, Secretary Lopez.

SEC. LOPEZ: Joseph, if I may follow through lang doon, remember ang pinu-push po natin doon, hindi naman para maglakwatsa iyong mga kabataan; we are pushing doon iyong family bubble, iyong family bonding na magkakasama sila. It's really more for that social and family relationship building. So hindi naman para maglakwatsa and everybody will follow the health protocol.

JOSEPH MORONG/GMA7: All right, sir. Thank you, sir. Thank you for time, Secretary Lopez, Secretary Roque. Thank you.

SEC. ROQUE: Salamat, Joseph. At salamat, Secretary Lopez. Next question, please.

USEC. IGNACIO: Secretary, from Leila Salaverria of Inquirer: You said the President is a priority in the vaccination. He has expressed preference for the Chinese and Russian vaccines. But the country is expected to receive the Pfizer and AstraZeneca shots first, plus these are the only one with an EUA so far. Does this mean the President is willing to be given these vaccines?

SEC. ROQUE: Let's just say this issue will have to be discussed by the President with his physicians. He is, of course, under advice from his physician.

USEC. IGNACIO: Second question po niya: Will the President be allowed to select his preferred COVID-19 vaccine?

SEC. ROQUE: Well, within the framework to be given by the FDA. Kasi hindi ko pa alam kung ano ang magiging desisyon talaga ng FDA kung hanggang anong edad ibigay at anong klaseng bakuna. But as I said, he is under advice from his physician right now.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary. Ang susunod po ay si Triciah Terada ng CNN Philippines.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Hi! Good afternoon, Spox and to our secretaries. Sir, after the appeal of the President to the Communist Party of the Philippines, they responded and they say they are okay with it, but they have a suggestion. Sinasabi po nila to let the Red Cross handle the delivery and administration of COVID vaccines, since they are properly trained to do these things. And previously daw po kasi the AFP has been carrying out combat and psy-war operations behind the implementation of COVID-19 restrictions. And they are saying that using the AFP will not encourage the people in the countryside where kini-claim po nila that the people are traumatized and worried that the AFP or these distributions may be used as a counter-insurgency and demand technique, iyong surrender before the vaccine. Is the government open with their suggestion or to hearing out their suggestion or for a compromise?

SEC. ROQUE: Unang-una 'no, we have a rollout plan; iyon po ang masusunod kahit anong sabihin pa ng CPP-NPA. Number two, I guess they have freedom of expression but they are tagged as a terrorist group so parang they can express their opinion but hanggang doon lang po iyon.

Ang ating rollout plan po ay binuo po iyan sa tulong po ng mga pangunahing eksperto, and it will remain.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Thank you, Spox. Spox, may I please go to Secretary Dar or to Secretary Lopez po.

SEC. ROQUE: Go ahead po.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sirs, I was able to speak to some restaurant owners, and they are already thinking about increasing their prices amid the high prices of meat and it's something that also worries consumers kasi normally daw po kapag tumataas iyong mga prices, mahirap nang mahila pabalik to its original price. So the efforts are very nice to hear, the plans are very nice to hear but they say, the reality on ground is very much different.

So with your initial assessment, effective po ba iyong current stimulus or solutions that we are implementing; and can the government still prevent iyong pagtaas po or chain of price increases or is this inevitable, sir?

DA SEC. DAR: Mauna ka na, Sec. Mon o ako?

DTI SEC. LOPEZ: Sige. Ako, quick lang naman, Sec. Dar. Bale in answer to Triciah's concern, the fact that we have competition in the… you know, in the playing field, siguradong magno-normalize ang presyo. Iyong mga nagtaas, puwedeng ibaba nila; or with the entry of new players, puwede uling mag-o-offer nang mas value for money ay mahahatak pababa iyong mga presyo na iyan.

So don't worry, tayo, ang ating sistema, our economic system is the one that always push for iyong competition. Kaya makikita ninyo iyong movement eh, may pataas din iyan pero bumababa rin iyan because there are so many players in the industry, iyon lang. Sec. Dart?

DA SEC. DAR: Yeah, gusto kong i-complement iyong nasabi na po ni Secretary Mon Lopez. With all our mobilization efforts, itong two months na may price ceiling ay kung lahat po ay tulung-tuloy, we can overcome this situation.

Let me mention, ang kausap po namin noong nandoon kami sa GenSan ay iyong presidente ng SOCOSPA, si Clint Edward Ang. At on top of talking with the SOCOSPA leadership, mayroon siyang kasama, mga walo sila – so nandoon lahat. At nag-commit po sila ng kanilang dadalhin, imimerkado dito sa Maynila that's where we arrived at, iyong 165. Kasi ang cost structure nila, let me mention, ito validated, ito iyong datos namin:

- Total production cost is 124.79
- Fixed cost ay 34 centavos
- Variable cost ay 124.45
- Cost of money – 4.92
- Margin – 15.28
- Percent markup – 11.78
- Farmgate price is totaling 145

So iyon po ang … dinagdagan natin para maging 165 po iyong landed cost dito sa Manila. So kausap po namin, mayroon kaming ebidensiya; nag-press conference pa nga kami so we can send that out around the public.

Number two, on top of that, ang another group na nabisita po namin, iyong owner ng Biotech Farms, si Mr. Rey Chiang. And he is going to load every week 2,000 hogs for Metro Manila. So iyon kasama within the 10,000 iyon. So sila po ang kasama namin.

At iyong sinasabi nila na hindi kami gumagalaw, last year ay nakapagparating tayo from May to December 250,000 hogs. So iyon, we respect the data of the private sector but these are all what have been the monitoring that we have been doing all this time. [garbled]

Sec. Harry, back to you.

SEC. ROQUE: Secretary Dar, garbled po kayo.

DA SEC. DAR: Opo. So gusto kong ulitin na mayroon tayong commitment under the leadership of President Clint Andrew Ang, presidente ng SOCOSPA. At doon mayroon kaming nakausap, si Mr. Rey Chiang ay kasama na magpapadala 2,000 heads of hogs every week, so totaling 10,000 every week.

So iyon po ang datos natin. Iyong farmgate price na sinasabi ng iba ay after the fact na ito na lang lately. Pero mayroon tayong datos na ganoon, mayroon tayong iba't ibang lugar. Iyong GenSan, iyon po ang cost structure, 145. Dapat nga nagdagdag tayo ng 21 para maasistihan na natin paratingin dito sa Metro Manila.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Thank you, sir. Sir, just one last for Secretary Mon. Sir, I understand kaka-approve lang po ni Pangulo nitong economic intelligence team that will investigate nga po nitong pagtaas ng prices. But initially, sir, do we have early findings or may mga angles na po ba tayong tinitingnan as to the reason for these price increases? Were there groups controlling it?

DTI SEC. LOPEZ: May mga minsan nagpapaparating sa atin na mga text na supposedly na nagmamanipula ng supply. So iyon ho iyong mga leads natin, pero kailangan i-verify muna iyon. Hindi naman tayo basta-basta gagalaw; kailangan may due process, may investigation.

But tama po iyon, sa utos po ng ating Pangulo, talagang pinagtulung-tulong ang mga NBI, CIDG at saka National Security Council, together with DA and DTI. Pagtulung-tulungan itong—at ma-prevent iyong mga nagma-manipulate.

Remember in our last campaign, lalo na iyong nagkaroon ng shortage din noon ng mga health products, kung naalala ninyo, mga alcohol and all that, siguro over five hundred ang mga na-arrest natin diyan. So once na we launch itong panibagong campaign especially itong case

natin ngayon, sigurado namang marami tayong makikita diyan na hindi natin palalagpasin iyan.

At saka back to your question din, nakikita natin na ang problema talaga ng situation natin ngayon is really the lack of supply. At nakikita natin ang efforts ng DA mabalanse, madagdagan ng supply both locally at again, may importation din. Pero oras na nandiyan na iyong supply, siguradong babalik lahat iyan. Tulad ng nangyari sa rice problem noon na talagang nang humupa lahat ng presyo, noong in-allow din natin iyong importation lalo sa Rice Tariffication Law, prior to that, mayroon tayong programa na PRD – iyong Presyong Risonable Dapat – wherein in-allow natin iyong mga retailers na mag-import din diretso. Para to cut the traders, sila na ang mag-import at iyong presyo na iyon with the reasonable margin, siguradong mapipresyuhan nang mas mababa even lower than the price ceiling na tinakda dito.

So iyon po iyong isang abangan din natin dito sa mga groceries and supermarkets na magbenta ng mga imported.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: All right. Thank you, Sec. Mon. Thank you, Sec. Dar and Sec Roque po. Salamat po.

SEC. ROQUE: Salamat, Trish. Usec. Rocky?

USEC. IGNACIO: Yes, Secretary, iyong tanong po ni Jam Punzalan ng ABS-CBN ay nasagot ninyo na about Boracay. Question from Darlene Cay from GMA News for Secretary Dar: How does DA regulate daw po trading price of live [garbled] pork? Some hog raisers say, they are just selling based on the feel of the market or asking price of traders; and what are the specific plans daw po to help raisers increase the population of hogs?

DA SEC. DAR: Unahin natin iyong last point kasi iyon po ang panghagip natin ng hog industry, itong re-population. Mayroon na pong nakalaan na 600 million to start the re-population and of course, ang backyard hog raisers ang isang … sila po ang 65% of the total hog industry. So nakatoka po sa kanila ito. Mayroon ding toka in terms iyong mga breeders multiplier farm dito within the 600 million with the private sector natin partnership or commercial hog raisers. Mayroon ding 500 million po doon sa loan, zero interest para sa backyard hog raisers.

Mayroon tayong 27-billion para sa commercial hog raisers, concessional rates ito, mas mababa sa commercial rate. So, 27-billion that can restart the whole hog industry at ito ay nakatoka naman sa commercial hog raisers.

Now, may hog insurance din, magpalista lang sila at iyong Bantay ASF ay iyon pa rin ay talagang dapat nating paigtingin at mas lalo pa. Ang bibigyan natin ng capacity at the local level, iyong LGUs, magbibigay na rin kami ng PPEs nila, mga equipment kagaya ng rapid PCR para right away in the barangay mayroon na silang makita kung may sakit na iyong baboy nila o hindi.

So, lahat po ito iyong tinututukan. Malaki na po ang budget doon, so 1.1-billion for repop, plus 27-billion financing. Iyong ASF na laban mayroon tayong 1-billion. So, doon nakatoka habang tayo nagmo-mobilize ng surplus ng mga baboy sa iba't-ibang probinsiya under this catalyzed presence ng DA para iyong farmgate price ay masundan plus iyong dagdag na transport assistance, so that when it is landed din Manila ay within pa rin o mayroong ganansiya ang mga traders or mga market vendors.

And let me repeat, nasabi ko na kanina and they are really elevating their game, itong Northstar na kasama ng SM Hypermart, they have been buying from all over the country itong hogs. Now, ang sabi po nila, puwede naming bilhin iyong na-catalyze ninyo, iyong na-mobilize na mga baboy galing sa probinsiya at kami na iyong magkatay at i-distribute namin sa lahat ng Hypermart at Walmart na outlets not only for Metro Manila but nationwide.

So, ang ganda po. Sabi nila, tutulong kami sa gobyerno kasi alam namin. So, iyon, they will work within the price range/price ceiling. Ang nakita namin sa Hypermart sa Shaw ay 265 to a high of 295. So, iyon po, tulung-tulong po tayong lahat.

SEC. ROQUE: Okay. Maraming salamat, Usec. Rocky and Secretary Dar. Mayroon pa bang mga tanong, Usec. Rocky?

USEC. IGNACIO: Yes. Secretary, marami pa po tayong tanong para po sa inyo. Mula kay Llanesca Panti ng GMA News Online: Given that the BIR previously said ABS-CBN had no unpaid taxes during congressional hearings of its franchise application. Can you tell us further information po on unpaid taxes of ABS-CBN as told by the President last night?

Ang tanong naman po ni Ace Romero, kapareho lang din po. Ang sinasabi po niya: What is the President's basis daw po for saying that the Lopezes have unpaid taxes when the BIR has denied that ABS-CBN is a tax delinquent and the DBP has denied condoning soured loans of the Lopez Group?

SEC. ROQUE: Well, kagaya ng sinabi po ng Presidente, na nakalap siya ng impormasyon na nagkaroon ng paglabag ng batas, ng ating Anti-Graft Law noong nauna na binenta ng ABS-CBN sa isang [unclear] ang kaniyang mga ari-arian at naka-condone hindi umano iyong ilang mga loans niya sa DBP at na-acquire po muli ng ABS-CBN iyong mga same assets na iyon for a [unclear]. Iyon po ang pagkakaintindi ko. Pero ang sabi po ni Presidente, iri-refer na niya ang bagay na ito sa Ombudsman. So, Ombudsman na po ang magri-review kung mayroong cause of action for any violation of our Anti-Graft Laws.

USEC. IGNACIO: Opo. Ang question po ni Ace Romero for Secretary Roque: Secretary Galvez thanked Congress for filing Bayanihan 3 but you said yesterday government will only resort to it if we lacked financial resources. You said you we still have the money. Please clarify, does the government need Bayanihan 3 and is Malacañang seeking its passage?

SEC. ROQUE: Sa ngayon po, naipasa po ang ating 2021 Budget, nakapaloob po diyan ang trillions in terms of fiscal stimulus at na-extend po natin ang Bayanihan 2. Like Secretary Galvez, I'm also thankful for the initiative of Speaker Velasco in filing a bill for Bayanihan 3 pero sa totoo lang po, ang passage of bills – at nanggaling po tayo diyan sa Kongreso – is also dependent on availability of funds. So, titingnan po natin unang-una, kung talagang kinakailangan pa iyan at pangalawa, kung mayroon po tayong possible fund sources.

USEC. IGNACIO: Opo. Question from Jo Montemayor ng Malaya para po kay Secretary Lopez: Magkakaroon po ba ng separate price cap for imported pork? If so, how much will it be?

SEC. LOPEZ: Okay. Uulitin ko po, sinabi ho natin kanina na wino-workout po ngayon ng DA at DTI iyong pagkakaroon ng price cap for imported pork, lalo na iyong mga pumupunta dito sa mga supermarket. So, ini-expect natin mas mababa iyan to the price ceiling na itinakda.

USEC. IGNACIO: Opo. Question from Sam Medenilla from Business Mirror para po kay Secretary Dar: I-clarify lang daw po namin kung ano daw po iyong MAV ang approved by the MAV Advisory Council kahapon? Is it 164,000 metric ton or 400,000 metric ton?

SEC. DAR: Okay. Let me clarify, Usec. Rocky. Iyong existing MAV quota natin ay nasa 54,000. Ang ini-endorse kahapon ng MAV Advisory Council ay itong deficit na 388,790 so more or less 400,000 iyon. So, MAV Plus ang tawag natin po doon.

USEC. IGNACIO: Opo. Ang second question po niya, Secretary Dar: Na-submit na po kaya ang recommendation daw ng MAV Advisory Council to President Duterte for consideration? If yes, kailan po kaya ito ipadadala sa Congress?

SEC. DAR: Mayroon kaming iri-referendum na ngayon doon. May next step pa iyong MAV Management Committee. Anim na departments/Secretaries ang miyembro nito which the DA Secretary chairs kasama po si Sec. Mon Lopez na miyembro, DOF, DOST, Department of Agrarian Reform, so anim po ito. Mayroong referendum to be sent out today to recommend to the President finally itong MAV Plus.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary Roque, from Dreo Calonzo – ito na po iyong ating last question – from Bloomberg, follow-up lang daw po: When did the meeting between President and Secretary Dominguez take place? What were the President's marching orders to economic managers on pandemic recovery?

SEC. ROQUE: It was a Sunday, hindi ko lang po maalala kung anong Sunday iyon. Pero I have access to the President's schedule, hindi po siya nasa schedule. Pero noong kinausap ko po si Secretary Dominguez, he just wanted further briefings on the economy and ano iyong mga hakbang na gagawin para nga tayo po ay makabangon dito.

At importante po talaga iyong bakuna because the bakuna will give us the confidence po para magbukas talaga ng ekonomiya pero uulitin ko po, hindi po alternatibo ang bakuna sa 'Mask,

Hugas, Iwas.' Magiging apat na po iyong nasa ating plataporma kapag nagsimula na tayo ng bakuna, 'Mask, Hugas, Iwas, Bakuna.' Plus bakuna, so kinakailangan apat po iyan, hindi lang tatlo.

USEC. IGNACIO: Secretary, may pahabol pong tanong si Vanz Fernandez para daw po kay Secretary Dar: On Saturday daw po, Cabinet Secretary Karlo Nograles stated that any erring traders who are committing economic sabotage by taking advantage of COVID-19 and the ASF. If this crackdown proves effective, what are the steps will the government as a whole will take in order to lower the price of pork and how soon can we expect the price of pork products to be back to the normal prices?

SEC. DAR: Iyong unang parte ng katanungan, Usec. Rocky, nasabi na kanina na ni Spox Harry na mayroong naitatag ang gobyerno na economic intelligence group para i-validate lahat itong information na nakalap at naka-sentro po sa mga traders and considered manipulators and profiteers Kasi sila iyong nagpapataas ng presyo ng farmgate ng hogs at sila na down the line, pinapasa nila mataas, kukonti na ang kita ng mga vendors.

So we got a feedback from Secretary Meynard Guevarra na inatasan na niya ang NBI na i-validate/iimbestiga at sana po magwagi po ang grupo, economic intelligence para lahat itong manipulators ay ma-unearth sila at mabigyan ng equivalent na mga parusa po.

Now with North Star which is the partner of SM Hypermarts na coming forward in a big way, lahat na iyong i-mobilize namin na mga baboy ay puwede nilang saluhin at sila iyong magpakatay at mag-distribute sa mga iba't ibang lugar ng Hypermart at saka Walmart at sinabi rin namin kung puwede rin sa mga wet markets so titingnan nila po iyon. So within the week mag-a-adjust na po. Nakita po natin sa Commonwealth iyong within the price ceiling na at doon sa Hypermart Shaw ay mas mababa sa price ceiling.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Dar.

DA SEC. DAR: Salamat po.

SEC. ROQUE: Okay. Since wala na po tayong tanong, may isang tanong lang ako kay Mr. Rosendo So. Sir, bilang galing po sa pribadong sektor ng mga mambababoy, ano po ang hinihiling ninyo sa gobyerno ngayon para makatulong ang mga magbababoy dito sa shortage ng baboy?

MR. SO: Yeah. Isa-isa para mag-repopulate ang ating mga local producers. Iyong first border, ibig sabihin ay iyong lahat na inaangkat natin, kasi nasa Food Safety Act iyan and ito is pinag-aaralan namin kung hindi pa ma-implement ito pang-testing ng mga produkto ng pork na dumadating, baka magsasampa na kami ng case 'no kasi binigyan na namin si Secretary nang almost two years 'no para ma-in place iyong pagsuri doon sa mga baboy na dumadating, mga chicken na dumadating, nasa Food Safety Act iyan, dapat suriin.

Kung hindi sinusuri ito, talagang takot ang mga raiser na mag-alaga uli kasi iyong frozen meat [garbled] hindi namamatay iyong virus ng ASF. Iyon ang kailangan talaga natin para at least eh makumpiyansa ang local raiser na pumasok ulit. Nakita naman natin for the past one and a half years eh sinubukan natin maglagay ng checkpoint, mag-test doon sa mga farm pero tuluy-tuloy pa rin iyong spread 'no. So ang pinakanakikita natin is iyong first border facility dapat mailagay, kung hindi pa nalagay iyong first border facility, kailangan isuri lang iyong dumarating – isa iyan. Para at least eh magkaroon ng kumpiyansa ang ating local industry na pumasok ulit.

Iyong sa ano 'no, nag-text iyong taga-Mindanao, iyong nakausap ni Sec., iyong area ng Ormoc hinarang pa rin iyong mga sasakyan nila 'no. Up to now kaya hindi pa dumadating iyong shipment na dapat Monday dumating, hinarang iyong mga checkpoint doon sa lugar kaya baka bukas pa daw makakarating iyong dalawang truckload. Updated naman tayo every moment kasi may channel kami, nag-uusap-usap kasi kung anong situation.

And inuulit namin ang presyo nila doon, doon sa area na iyon is P165, iyong subsidy na P21 is ibibigay ng government, iyon ang napag-usapan.

So the rest naman eh ano… we support the government to lower the price 'no and hindi ang mga producers ang nagmamanipula ng presyo. Ang sa atin is nagpu-produce tayo, continuous iyong production natin. Kung hindi kaya ng Metro Manila, maraming area naman ang bumibili. So we continue to support iyong production natin hindi lang sa pork, sa chicken and other agri product.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Mr. So. So maraming salamat kay Secretary Dar ng DA, Secretary Lopez ng DTI at SINAG Chair Rosendo So. Maraming salamat, Usec. Rocky, at maraming salamat sa ating mga kasama sa Malacañang Press Corps.

Well, mga kababayan, halos isang oras ang ginugol natin sa usaping baboy at tama lang naman po 'no dahil usaping baboy ay malapit po sa sikmura ng mga Pilipino.

Ang mensahe lang po ng ating Presidente, huwag po kayong mag-alala 'no, hindi po natin pinili na kasabay ng COVID eh masasalanta rin ang ating mga baboy ng ASF. Kakulangan po talaga ng supply ang naging dahilan kung bakit tumataas ang presyo.

Now, kung mayroon pong mga nagsasamantala na naghu-hoard ng supply 'no eh madali po kayong mahuli. Bakit po? Eh limitado po kayo ang cold storage facility natin. Sa panahon ng COVID, mayroon na pong listahan si Secretary Galvez ng mga cold storage facility. So kung kayo po'y naghu-hoard ng supply, madali po kayong mahuli at nandiyan na po ang NBI, titingnan lang po ng NBI iyong mga cold storage facilities at titingnan kung mayroon talagang mga naghu-hoard ng supply doon. At huwag naman po sa panahon ng COVID sana.

At nagpapasalamat po tayo siyempre po sa inyong mga patuloy na pagtiwala na sa panahon ng pagsubok eh nandiyan po ang ating Presidente, humahanap ng solusyon para po maging mas komportable ang buhay ng lahat ng Pilipino.

Sa ngalan po ng inyong Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque nagsasabi: Babangon din po tayo, matatapos ang ASF, matatapos ang COVID-19.

Magandang hapon po sa inyong lahat.

###

--
News and Information Bureau-Data Processing Center